# Pagtuligsa, Pagbawas at Muling Sipat kay Rizal bilang Bayani

**NILO S. OCAMPO**

Ang pag-aaral na ito ay bahagi ng mas malaking pag-aaral tungkol sa impluwensya ni Rizal bilang pambansang bayani sa ika-dalawampung dantaon. Pinansin na sa ibang mga naisulat na dinakila ang bayani sa iba't ibang paraan ng malawak na lipunan, kasama ang mga mamamayang sumampalataya sa kanya bilang Kristong Pilipino, mga manunulat na humabi ng mga verso at prosang pampanitikan bilang pagtulad sa may-akda ng *Noli* at *Fili*, mga kabataan at sosyo-sibikong samahan na tinitingnan siya bilang inspirasyon, mga lokal na naghaharing uri at intelektwal gayundin ang kapangyarihang kolonyalistang kapwa Amerikano at Hapon na umangkin sa kanya, mga negosyante at iba pang sumakay sa kanyang pangalan, pangunahing pagpapamalas ang mga ito ng saklaw ng kabayanihan sa kabansaan. Samutsari itong pagpapahalaga at/o pag-aangkin (*appropriation*) na suporta sa pagsasabantayog. Sa mga ito at sa mga istatwa sa Luneta at buong kapuluan, sa ritwal ng Disyembre 30 taon-taon at sa Republic Act (RA) 1425 sa larangan ng edukasyon na nag-aatas pag-aralan ang kanyang buhay at mga akda simula 1956, nagaganap ang institusyonalisasyon bilang pambansang bayani.

Isang institusyonalisasyon ito, gayunman na kinakitaan ng pagpuna o pagtuligsa, o paglalagay sa lugar, aksyong pangunahing ginagawa ng panlipunang puwersa sa lipunang Pilipino na kumakatawan sa Kaliwa. Bilang pangkalahatang definisyon, ang Kaliwa ang mga

indibidwal at kilusang nagtataglay ng mga pananaw (ideolohiya) at pagkilos (programa) na maituturing na liberal, radikal o rebolusyonaryo, nakatuon sa pangkalahatang pagbabago ng lipunan. Mababanggit na malaki para sa papel na ito ang mga partikular na indibidwal at kilusang makabayang may taglay o makiling sa Marxistang panunuri. Sa kanilang pagtatangka sa transpormasyong istruktural at kultural, isa ang isyu ng pambansang bayani na kakaharapin at "reresolbahin."

**Matalas na Puna mula kay Soliongco**

Nakabatay sa teorya ng paghahati ng lipunan sa mga uri (pangunahin ang materyalismong historikal ni Karl Marx) ang maituturing na pagtinging kritikal o mapanuligsa kay Rizal. O paglalagay sa lugar, sapagkat isinasaad ng teorya na may mga partikular na interes at paninindigan batay sa kinabibilangang panlipunang uri at walang tigil ang tunggaliang bunga nito. Sa ganitong analisis, si Rizal bilang kasapi ng panggitnang uri ay kumilos ayon sa mga interes ng uring ito, kung kaya tumulay sa pagiging kapwa progresibo at reaksyonaryo (sapagkat nasa gitna nga) hinggil sa mga usapin ng reporma at rebolusyon.

Bagay itong hindi gaanong lumitaw sa unang animnapung taong pagkamatay ni Rizal, sapagkat namayani ang mga pagdakila at papuri (relatibong masid batay sa kasalukuyang saliksik). Sa mga nakalap na materyal tungkol sa pambansang bayani sa panahong ito, mas matingkad ang pagpupugay kaysa pambubuway. (May nakitang isang artikel sa *Philippine Free Press* noong 1919, pero pagtutol ito sa mga kilusang nagturing kay Rizal bilang Kristo, hindi matanggap ang gayong "*deification*.") Buhay na sa umpisa ng ika-dalawampung siglo ang sosyalistang pag-iisip, subalit 1955 noong sinabi ni Lope K. Santos na may-akda ng *Banaag at Sikat* ang ganito:

> …di nagawa sa mga propaganda ni Dr. Rizal, sapagka't bukod sa halos pawang sa kastila nakasulat at patagu-tago o panakaw-nakaw kung ipangalat, ay hindi mga karaniwang taumbayan ang kinahuhulugan at nakakabasa, kundi mga ginoong marurunong at mayayaman, na kailan at sa saan pa man, ay siyang mga una-unang tamad sa mabibigat na gawain at duwag sa ano mang panukalang kapapainan ng kanilang buhay at katiwasayan.

May pagtatawad rito sa ginawang "propaganda" ni Rizal bunga ng pagsusulat niya sa wikang Espanyol, taliwas sa nakasanayang pagtaya sa kalawakan ng impluwensya ng mga sulatin ng bayani at malinaw ang "makauring" masid sa katangian ng "marurunong at mayayaman" hinggil sa kailanganin ng radikal na hakbangin. Simula din sa taong ito (1955), sa pagtataguyod ng kolumnistang I. P. Soliongco sa kabayanihan ni Bonifacio, idiniin niyang mas naitanghal si Rizal. Katulad nina Claro M. Recto at Teodoro A. Agoncillo at patiuna sa daykotoming lalaganap, pinag-iba niya si Rizal na "*man of thought*" at si Bonifacio na "*man of action*." Sinisi niya ang mga Amerikano sa pagpili kay Rizal bilang pambansang bayani.

> *Very deliberately, the Americans cultivated the cult of Rizal, the man of thought, the firm believer in reforms… Undoubtedly Rizal was a great man, but his greatness is not such as to overshadow the greatness of Bonifacio. But Rizal was an intellectual and was considered safe…*

Natabingan nang husto si Bonifacio dahil "*indoctrination*" na ito ng mga Amerikano gayung siya ang pasimuno ng paghihimagsik na naging daan para sa kalayaan ng bansa, aniya. Sa mga sumunod na taon hanggang 1968, ipinamukha niyang kasalanan na ito ng mga Pilipinong hindi pa mamulat laban sa paniniwalang ito, lalo na ng mga tinawag niyang *Rizal cult*:

> *The Rizal cult has grown to such proportions that an execrable word – Rizalist – has been coined to describe the fatuous boobs who are still shouting at the international conferences that the Martyr of Bagungbayan "spoke 19 languages," as if proficiency in languages had any relevance to the grim business of changing society…*
>
> *The infirm and salivating members of the Knights of Rizal may not know it and will certainly deny it but the Americans who chose Rizal as the national hero of the Philippines did well by them…*

Ang Knights of Rizal ang sosyo-sibikong Caballeros de Rizal na naitatag noong 1916 at karaniwang kasapi rito ang mga matataas sa lipunan, na puntirya sa panahong ito ng maanghang na pananalita (subuking

isalin ang "*fatuous boobs*") ni Soliongco. Sa pagbansag niyang *execrable* sa pinaggagawa nila, itinanghal niya ang ideyang wala naman silang silbi at/o aktibong tagapagpanatili pa nga ng kondisyong kolonyal at mapang-api, kulang na lang na sabihing magkakatulad na uring panlipunan sina Rizal at Knights na nagtataguyod dito. Maraming "*very sound ideas*" na iniwan si Rizal, diin ni Soliongco gayunman, subalit naipadadaloy ito sa isang "*esoteric cult*" na nagbibigay-pansin sa mga kalakuti at kaliitan.

**Si Jose Ma. Sison at ang Kabataang Makabayan (KM)**

Samantala, apat na taon bago rito, noong Nobyembre 30, 1964, "wala nang maaaring piliing ibang araw na mas aangkop kaysa araw na ito para itatag ang Kabataang Makabayan," talumpati ng naging tagapangulong Jose Ma. Sison (2001). Ito ang militanteng samahang nagpasimuno sa pagkilos tungo sa radikal na pagbabago noong dekada sisenta hanggang sitenta, at mangyari pa, "si Andres Bonifacio … ang modelo ng rebolusyonaryong militansya ng mga kabataang Pilipino at ng mga tagapagtaguyod ng pambansang demokrasya." Sadya at angkop ang identipikasyon ng samahang ito sa "isang dakilang bayani mula sa proletaryado," hakbanging kinalugdang tiyak ni Soliongco, subalit hindi rin maiwawaglit o isasama nga talaga ang pagbanggit kay Rizal sapagkat kinakailangan sa mas puspusang paninipat ng kasaysayan at lipunang Pilipino at paglalatag ng istratehiya at taktika. Sa mga pagtatalumpati ni Sison (cf. Sison 1967, 1972, 2001) sa pagpapalaganap ng simulain at pagbubuo ng organisasyon noong 1964 hanggang 1968, nababanggit-bangit sina Rizal at iba pang bayaning Pilipino. Hindi sagabal ang kabataan sa pagkilos para sa bayan, sapagkat sa "edad na 26, naisulat na ni Dr. Jose Rizal ang Noli Me Tangere, ang titis na lumaganap bilang apoy sa buong kaparangan. Sa edad na 29, itinatag ni Andres Bonifacio ang Katipunan, 26 na taong gulang si Aguinaldo nang sumapi siya sa Katipunan…at 29 nang naging Presidente siya ng Unang Republika… 18 si Emilio Jacinto nang sumapi sa Katipunan…" (Si Sison mismo ay 25 nang itatag ang KM). Ang Ikalawang Kilusang Propaganda ng dekada 1960 ay pagpapatuloy ng Una nina Rizal. Nararapat ang isang Rebolusyong Pangkultura bago ang "aktwal na rebolusyon," tulad ng sulatin ni Rizal. Pinansin ng mananalaysay/abugadong Soliman M. Santos, Jr. (1987) na may banggit kay Rizal sa labing-isa sa dalawampu't siyam na artikel sa kalipunan niyang *Struggle for National Democracy*.

Isang buong talumpati ang inilaan ni Sison sa "Si Rizal, ang Kritiko ng Lipunan" noong 1966 sa taunang kumperensya ng CONDA (Conference Delegates Association) sa Bacolod:

> Si Dr. Jose Rizal ang namumukod na kinatawan ng maliit na bilang na uring panggitna na umunlad noong ika-19 siglo…Bilang pangunahing kinatawan ng naliliwanagang saray ng lipunan o "kaliwang panig" ng panggitnang uri, madaling itinaguyod ni Rizal ang punto de bistang liberal at pinaunlad ang kanyang sariling pambansang damdamin at kamulatan. Ang aktwal na naging dahilan ng kanyang pagiging progresibo at radikal sa kanyang kapanahunan ay ang kanyang ultimong pagkilala na makakamit lamang ang mga kalayaan ng indibidwal kung ang bansa sa kabuuan nito, laluna ang masa na ispontanyo niyang naobserbahan ay mapapaunlad at magtatamasa ng mas maraming kalayaan mula sa isang nakipangingibabaw na sistema ng mga awtoridad ng simbahan at anti-liberal na kumakatawan sa napakatagal nang itinuturing na atrasado sa hilagang mga bahagi ng Europa.

Pansinin na binanggit pa rin ni Sison ang titulo ni Rizal bilang "Dr.," bagay na karaniwang hindi kinaliligtaang ikabit ng mga Pilipino sa mga pangalan. Subalit hinigitan na niya ito sa pagpapailalim sa mga detalye sa buhay at mga akda ni Rizal sa makauring pagsusuri (*class analysis*). Si Rizal ang progresibong bahagi, "kaliwang panig," ng panggitnang uring nahihila ng mga puwersang mula sa itaas at ibaba. Kinilala ang kanyang mga sulatin at nobelang *Noli* at *Fili* bilang pambubusbos sa lipunan.

**Ang Bulag na Pagdakila para kay Renato Constantino**

Ang pagpansin sa pagtabing kay Bonifacio kay Rizal dahil sa pagpili ng mga Amerikano ni Soliongco at ang paglalarawan kay Rizal bilang progresibong bahagi ng panggitnang uri ni Sison ay makikita at matatalakay pang malawig ng makabayang awtor na Renato Constantino (1970). Kabilang sa kanyang marami at matalas na mga akda sa kasaysayan at lipunang Pilipino ang "*Veneration Without Understanding*." Isang sanaysay itong maimpluwensya at malaki ang

impak, dulot malaki ng tayming bago sumiklab ang tinawag na Unang Rebolusyonaryong Sigwa (*First Quarter Storm* o FQS). Binasa ito sa taunang lektyur sa paggunita ng kamatayan noong Disyembre 30, 1969. Nakapambulabog ito nang husto sa isang ritwal na inaasahang mga papuri at pagpupugay ang maidudulot sa mga tagapakinig subalit naging mga hayagang pagtawad sa katayuan ng pagkabayani.

Ganito maisusuma ang sanaysay. "Pagsambang walang pag-unawa" o "bulag na pagdakila" ang pagtingin ng mga Pilipino kay Rizal dahil nalambungan ang katotohanan ng pagtutol at pagkondena nito sa Himagsikan ng 1896 batay sa kanyang pahayag tungkol sa himagsikan (Manifesto noong 15 Disyembre 1896) noong kanyang pagkapiit at ng pagtangkilik sa kanya ng mga Amerikano bilang pambansang bayani. Napalaki nang husto ang papel niya samantalang nakitang "limitado" siya bunga ng pagiging ilustrado. Hindi katakatakang may pagtatakwil siya sa rebolusyon bunga ng pagkasapi sa panggitnang uring may dalawahang tingin tungkol dito. Progresibong puwersa siya ng kanyang panahon subalit kailangan na siyang kritikal na tingnan, igpawan at palitan sapagkat kailangan ng mga bagong bayani para sa mga kasalukuyang problema.

Ipinamukha ni Constantino sa umpisa na samantalang "sa kasaysayan ng maraming bayan, ang pambansang himagsikan ay rurok ng tagumpay na patuloy na binabalikang–isip ng mga tao bilang pagdakila at muling pagbuhay sa diwa ng kalayaan… kung kaya nagiging pangunahing bayani ng sambayananang lider ng himagsikan…" (ibid.). Sa kaso ng Pilipinas, hindi ito totoo, sapagkat hindi sinuportahan ng tinitingalang pinuno ang makasaysayang kilos na ito, at "tinalikdan (pa nga) ang Himagsikan." Nalambungan kung gayon at walang tumpak na pagpapahalaga ang mga Pilipino sa "tanging pagkilos na bumuo sa makabansang hangarin" dahil sa pagtatakwil na ito ni Rizal. Lalo pa itong lumabo sa pagdating ng mga Amerikano:

> Labis nating pinalaki ang papel ni Rizal kaya't hindi na makatotohanan ang pagtaya sa kanya. Naibababa ang katayuan ng iba nating mga dakilang bayani at ng mga makasaysayang pangyayaring sinangkutan nila. Bagamat si Rizal ay isa nang tinitingalang tao laluna pagkatapos na siya'y maging martir,

> di maitatangging ang nakahihigit niyang katanyagan sa ating mga bayani ay resulta rin ng pagtangkilik ng Amerikano.

Idinetalye pagkatapos ni Constantino ang mga hakbangin ng mga Amerikano para maging institusyon si Rizal. Pagkaalam nito, sinabi niyang "panahon na ngayong suriin si Rizal sa paraang higit na makatwiran at historikal." Iniharap niya ang historikal na kalatagan simula sa papel ng mga bayani, mga pagbabago sa ika-labingsiyam na siglo, ang pagsulpot ng panggitnang uri at kaakibat na ideolohikal na balangkas. "Nagampanan ng ilustradong si Rizal" ang paghahayag at pagbubuo ng bansang Pilipino bilang konsepto at katunayan, sapagkat nakita at nasabi niyang malinaw ang problema kaysa mga kapanahon ngunit pinakitid ng kanyang partikular na kapaligiran.

> …Siya ang unang Pilipino ngunit isang limitadong Pilipino, isang ilustradong Pilipinong lumaban para sa pambansang pagkakaisa ngunit natakot sa rebolusyon. Minahal niya ang kanyang bansa, oo, ngunit sa sarili niyang paraang maka-ilustrado.

Sobra kung gayon, patuloy ni Constantino ang "pagpapalaki natin sa katuturan ni Rizal." Binigyang-diin niya ang "mga limitasyon" ni Rizal at sinabing dapat tayong "matuto sa kanyang mga kahinaan." Sa kasalukuyang panahon, "kailangan natin ngayon ang mga bagong bayaning makatutulong sa paglutas ng mga problemang kailangang harapin agad. Hindi tayo makaaasa kay Rizal lamang."

**Ang PSR at si Amado Guerrero**

Hindi naman magkukulang ang mga maka-Rizal at tutugun-tugunan ng mga ito ang tirada ni Constantino, katulad nina Armando Malay ("*Veneration with Understanding*") at Esteban de Ocampo (*Why is Rizal the greatest Filipino hero?*). Subalit wala pang isang buwan pagkadeliver ng lektyur ni Constantino, sa ikatlong linggo ng Enero, sumiklab ang malawakang pagkilos laban sa umiiral na sistema sa pangunguna ng mga kilusang manggagawa at kabataang estudyante na FQS. Naitakda nito ang modo kung paano masiglang bibinhi ang pag-aalinlangang inilatag laban sa bayani. Nagsimula ang masigabong demonstrasyon sa

harap ng Konggreso ng Pilipinas, dala ang repormistang kahingian na pagpigil sa Pangulong Marcos na palawigin pa ang term nito. Nauwi ito sa karahasan laban sa mga nagdedemonstrasyon at ang pagkilos na ito ng Enero 26, 1970 ay nasundan pa ng malakihang pagtitipon noong Enero 30. Humantong sa Mendiola ang sagupaan sa pagitan ng mga demonstrador at puwersa ng estado, hanggang sa makalusob sa harap ng Malakanyang. Maraming namatay at nasaktan at hanggang Marso, wala nang tigil ang mga pagkilos, sapagkat nakita ang mga ito bilang pagkakataong makapag-"propaganda" sa mga mamamayan laban sa mga batayang suliranin na imperyalismo, piyudalismo, at burukrata kapitalismo na sinusuhayan ng pasismo. Lumakas ang kilusang radikal, naninindigan sa pag-uugat sa problema at sa kaakibat na mapagpasyang solusyon. Sa pagbibigay-direksyon sa tunguhing ito, lumabas ang librong *Philippine Society ang Revolution* (PSR), na pagtatangkang:

> …iharap sa isang komprehensibong paraan mula puntodevistang Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tse-tung ang mga pangunahing hibla ng kasaysayang Pilipino, ang mga batayang suliranin ng bayang Pilipino, ang namamayaning istrukturang panlipunan at ang istratehiya at taktika at makauring lohika ng rebolusyonaryong sitwasyon—na siyang demokratikong rebolusyon ng bayan. (Guerrero 1970; akin ang salin)

Inakda ito ni Amado Guerrero, ang *nom de guerre* o ngalang pangdigma ni Jose Ma. Sison, na tumatayo nang tagapangulo ng Komite Sentral ng bagong tatag na Communist Party of the Philippines. Puspusan ang paglapat ng Marxistang panunuri ni Guerrero sa katayuan ng bansa, at importanteng mabanggit para sa layunin ng papel na ito, napalawak ang balangkas pangkasaysayan habang napaliit (at napalupit, kung titingnan sa isang punto de vista) ang banggit kay Rizal. Sa PSR, nasa dalawang talata na lang si Rizal at wala nang sagka sa negatibong pagpuna. Binanggit siya sa unang talata na kasama sa Kilusang Propaganda, subalit ganito ang sinabi sa ikalawa:

> *The Propaganda Movement failed and was condemned as "subversive" and "heretical" by the colonial authorities. Trying to carry out propaganda work in the Philippines itself, Rizal*

*organized the short-lived La Liga Filipina which called on the Filipino people to become a national community and yet failed to state categorically the need for revolutionary armed struggle to effect separation from Spain. Putting his trust in the enemy, he was subsequently arrested and exiled to Dapitan in 1892. When the Philippine Revolution broke out, he was held culpable for it by the colonial tyrants and yet he betrayed it by calling on the people to lay down their arms a few days before his execution.*

Pagbibigay-daan na ito sa marahas na paghusga kay Rizal! Inorganisa nga niya ang La Liga Filipina, pero "hindi niya nakuhang kategorikal na ilahad na kailangan na ng armadong pakikibaka," nagtiwala pa sa kaaway hanggang sa maski na siya ang sinabing dahilan ng pag-aalsa, itinakwil naman ang taumbayan. Ipinaliwanag ring mahaba-haba ni Constantino na "kataksilan" nga ang inasal na ito ni Rizal subalit kinuha lang ito ni Guerrero sa isang talata. Sapat na ito para sa rebolusyonaryong sitwasyong napapaunlad noong 1970, sa paghahanap ng mga modelo at bayani ng mga namumulat at napapakilos, hindi na maisasama ang bayaning itong tinawag na "limitado," o "malamya (moderato)," o mas masahol, baguhin lang isang letra, "takwil" nagiging "taksil." Hindi na makukuhang inspirasyon si Rizal kundi ang mas mapagpasyang Bonifacio, sa unang pahina ng PSR ng mga aktibista isinasapuso nila ang panawagang sipi na "panahon na para imulat ang isipan, panahon na…" para maghimagsik sa makabagong panahon. Pansinin pa na mensahe ng Pangulong Marcos sa Rizal Day 1970, sa harap ng ingay at kaguluhang dulot ng radikal na aktibismo, ikinontrast si Rizal na halimbawa ng repormismo at kahinahunan, at tuloy-tuloy na ang pagkatantong kasangkapan nga ang bayani sa "pagpapanatili ng status quo" na tunay nang kailangan ng pagbabago. Tagapagtanggol na siya ng bulok na estado, nasa puwersa ng reaksyon at hindi na siya kamode-modelo para sa mga bagong Bonifacio, na nakadiskubre rin sa "tulisang" Macario Sakay na binitay ng mga Amerikano noong 1907, kay Kumander Dante ng Bagong Hukbong Bayan (New People's Army o NPA), gayundin kay Che Guevarra na nagpalagablab sa Latin Amerika.

### *Drop in the Rizal Stock*: Mula pa sa mga Intelektwal

Sa okasyon ng kaarawan ni Rizal noong Hunyo 1971, paksa ng magasing *Asia Philippines Leader* (APL) ang isyu ng pagpapababa o pagpapahina ng katayuan ni Rizal. Sa editoryal ng Hunyo 18, tinatanong kung "*Should Rizal be Junked?*":

> *Among the more alarming symptoms of the activist era is the drop in the Rizal stock. Ours is a day when, for the first time, Filipinos can earnestly talk of junking Rizal as hero. The points against him are damaging. He belongs to the bourgeois ilustrado class—that is, to the 10% of the country who own 90% of it; he preached reform and continued to preach it in the teeth of evidence that all peaceful protests were futile; and worst of all, when the Revolution beckoned, he turned tail and tried to flee.*

Binanggit ang iba pang dahilang nasabi-sabi na, tulad ng katangiang ilustrado, pagboboluntaryong magdoktor sa Kuba, at pagpili ng mga Amerikano bilang "*safe figure*." Masimpatiya gayunman ang nagsulat, at ipinakita na hindi ganoon kasimple ang paglalarawan kay Rizal. Pareho ang mga problema ng mga henerasyon at "*the man himself is still an agonized example of the intellectual battling with the problem of honesty*" hinggil sa kung paano babaguhin ang lipunan.

May tatlo pang mababanggit na artikel sa magasing ito na higit na walang patawad. Kinuwestyon pa nga ni Ninotchka Rosca (1971) ang nasyonaliti ni Rizal: "*Far from being the `First Filipino,' was Rizal a Filipino at all? A professional expatriate, he was man without a country, a writer without an audience.*" Kabali-balisa ito, "*strange case*" nga ang tinawag niya, sapagkat mas Asyanong Europeong sintesis si Rizal na sa kabila ng kanyang mga nobela, na hindi nakakilala sa kanyang mga kababayang nag-alsa alang-alang sa kanyang ngalan. Sa pangmalawakan, marahas sa paghusga ang artikel na ito sa mga gawing intelektwal, na partikular na naipamalas sa kaso ng pagwawalang-bahala ni Rizal sa rebolusyon. "*His was the intellectual's disease: toleration of a system he denounced as intolerable*" *(ibid.).*

Sumipi rin si Teodoro A. Lansang (1971) sa kanyang "*Rizal's Views on Society and Philippine History*" ng mga sulatin ni Rizal at naging

kongklusyon niya na maski na isa siyang masusing tagamasid, nanaig ang kanyang ideyalismong tinawag na "*naïve*." Ganito ito sapagkat tinanaw niya ang lipunan bilang sistema ng mga relasyong moral at "ignorante siya sa makauring relasyon" kung kaya tinawag siyang isang "malambot, urong-sulong na sosyolohista" (a flabby vacillating sociologist).

Batay sa naunang talakayan, mahuhulaan na kung bakit pinamagatan naman ni Norma Miraflor (1971) na "*Rizal the Sedative*" ang kanyang artikel. Tama, kung may "*intellectual's disease*" nga naman siya, "*flabby vacillating*" pa, at napagsisilbi sa status quo, itinuturing siyang gamot na pampakalma, pampatahimik sa nagbabalikwas nang puwersa. Isang inapo ni Rizal, si Gemma Cruz Araneta (1972) na hindi rin makaiwas sa paglahok sa sigalot panlipunan, ang naglaro-laro ng mga ganoong "*irreverent thoughts*" sa reyunyon ng mga inapo ng bayani.

Samantala, tema ng paggunita ng pamahalaan ng Rizal Day 1971 ang *Rizal The Activist* subalit natanto lang ito bilang isang uri ng pagsakay sa timpla ng panahon. Noon namang Araw ng Kalayaan noong Hunyo 1972, pinansin ng isang *journalist* (Torrevillas-Suarez 1972) ang "*downgrading*" sapagkat ni wala si Rizal sa mga malalaking larawan ng mga bayaning Pilipinong ipinarada sa Luneta. Giit gayunman ng editoryal ng APL na "*far from being junkable, he was never more valid*," bunga ng pagkilala sa samutsaring kasalimuotan. Ganoon nga ang husga ng mananalambuhay na Pranses na si Georgs Fischer (1974-1975), na maaring magsilbing suma ng mga naunang pahayag. Masalimuot ang katauhan ni Rizal, aniya. Dapat ilagay sa kontext ang kanyang personalismo, pagkabalisa, pag-aatubili, romantisismo, kakimian at gawaing tila anakronik.

> Higit sa lahat siya'y nananatiling isang intelektwal na nagagawi sa pagpapatayo sa intelligentsia bilang isang panlipunang hanay na nagsasarili at nakahihigit, na ang mga kapakinabangan ay kanyang ipinalalagay na katumbas na ng sa lipunan bilang kalahatan; isang marunong na pumupukaw, na nagpapahayag ng mga ideyang pulitikal, ngunit hindi kaya ang makiisa nang puspusan sa pulitika, ni ang tumanggap sa nabuong pagkilos na pulitikal; isang marunong na humahanga sa Europa, tumira doon, ngunit hindi mapanatili doon at ang buong buhay niya'y pagtutol sa mga kondisyong nagagawa sa intelektwal sa

> ilalim ng pamunuang kolonyal at sa lipunang Pilipino; isang marunong na ibig maging tagapagturo ng bayan, subalit nag-aalinlangan dito; isang marunong na, samantalang nasusuklam sa pinakapiling uri, hindi rin makapigil na makianib dito. Nag-iisa, malupit, binabaltak ng mga magkakaibang lakas at panunukso, di ba si Rizal ang sagisag nitong mga bagong Hamlet na di iba kundi ang pinakamarami sa mga intelektwal na Europeo at Afro-Asyatiko? (akin ang salin)

Dapat pa ring pakilusin ang mga intelektwal na mahalagang puwersa ng rebolusyon, habang isinasaalang-alang ang gayung mga katangian. Sa mensahe ni Sison sa organisasyong Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) noong 1972, malinaw na naitanghal ang mga katangiang ito (as in "ang repormistang si Rizal") habang kinilala sa paglalantad sa "mga kontradiskyon sa pagitan ng mga kababaihan at sistemang pyudal-patriarkal" sa mga sulatin nito. Sa mensahe sa Ikatlong Pambansang Konggreso ng Kabataang Makabayan noong 1971, kinilala ni Sison ang ambag ng naunang rebolusyon subalit sinabing nalagpasan na ito.

> Nalampasan na ng mga pangalang Sta. Brigida, Alcantara, Tausa, Catabay, Roldan at Santillano [mga namatay noong FQS] ang pangalan ng mga martir ng lumang demokratikong rebolusyon. Mas mayaman ang pakahulugan sa pagkakulong ni Nilo Tayag [ang sumunod na tagapangulo ng KM na nadakip noong 1970] kaysa pagkadestiyero ni Jose Rizal sa Dapitan.

Walang pagkalimot kay Rizal, subalit binibigyang diin ang pagkailustrado, ang pagkaintelektwal na may mga gayong katangian, at dapat nang igpawan.

**Batas Militar at Pagtutol**

Samantala, sa pagpataw ng batas militar at sa pagtatatag ng Bagong Lipunan ni Marcos noong 1972 hanggang 1985, inangkin nang husto si Rizal. Batay sa mga tema at pahayag sa taunang Araw ni Rizal, ibinandilang proyekto itong bagong dispensasyon na nasasang-ayunan at ginagabayan ng naturang kabayanihan:

1972 – *Rizal and the New Society. "In the light of recent events, Dr. Jose Rizal has become more significant to the Filipino people for his unrealized ideals are finally taking shape in our new society."*

1973 – Patnubay ng Kulturang Pilipino. "*As we attain peace and progress in our country, the central concern of Rizal's life–his belief in peaceful and evolutionary change–gains all the more currency and relevance.*"

1974 – Isang Bayan, Isang Damdamin

1975 – Rizal and the Filipino Woman

1976 – Si Rizal at ang Kabataang Pilipino

1977 – Rizal: Balikatan sa Barangay (Rizal and the Barangay: A Dream Come True)

1978 – Rizal and Human Settlements

1979 – Rizal: Makadiyos, Makabayan, Makatao

1980 – Rizal: Sagisag ng Kalayaan, Pagkakaisa sa Kaunlaran

1981 – Si Rizal at ang Bagong Republika

1982 – Si Rizal at ang Kapangakuan sa Ngayon: Kasipagan, Katipiran sa Kaunlaran

1983 – Rizal: Patnubay ng Pagsisikap at Pagkakaisa

1984 – Kabataan: Pag-asa ng Bayan

1985 – Rizal: Baranggayan sa Kapayapaan

Naroon ang pag-uugnay kay Rizal sa mga layunin ng Bagong Lipunan. Tulad noong panahon ng mga Amerikano, sinabing natutupad ng nangibabaw na dispensasyon ang mga pangarap ni Rizal, suhay ng lehitimasyon. Nakadepende ang tema sa kung anumang proyektong isinusulong sa mga taon—kultura noong 1973, kababaihan noong 1975, Kabataang Barangay noong 1976, Human Settlements project ni Imelda Marcos noong 1978, Bagong Republika noong 1981, proyektong KKK noong 1982, at iba pa.

Kung buhay raw si Rizal noon, ano ang masasabi niya sa Bagong Lipunan (Gaerlan 1981):

> *The following is an imagined interview with the Number One Filipino celebrity of all time, using as much of his actual spoken and written words (italicized) as may apply or seem relevant to*

*the subjects at issue:*

*Dr. Rizal, what can you say of the reforms initiated by our President under the Democratic Revolution?*

*Rizal: Mr. Marcos is right where he says that democratic government is the faithful instrument of our people's revolutionary aspirations. In this context, I have written likewise, and I repeat my words, that reforms to be beneficial must come from above, that those that come from below are irregularly gained and uncertain.*

Wasto samakatwid ang galing sa itaas na pagbabago, sa kasong ito, ang proyekto ng pamahalaan na batas militar. Sumunod pa ang ibang tanong tungkol sa programa ng Bagong Lipunan at inaakay na sagot mula sa mga sipi kay Rizal, at makikitang inianib nang husto si Rizal sa naghaharing uri.

Nakagulantang sa umpisa ang batas militar subalit hindi naman napuksa ang mga puwersa ng pagtutol at dahan-dahang nakabawi at nakapagparami. Sa realidad ng batas militar at sa rasyunal nitong bagong lipunan (kasama ang mga sipi kay Rizal), naihaharap ang liberal at Marxistang pananggalang.

Naging babasahin na sa mga klase sa unibersidad ang artikel ni Constantino; sa hindi iilang mga guro, panimula sa klaseng nagtatakda ng kiling. Sa mga klase ng kasaysayan at kursong Rizal, isyung pinagdedebatihan kung dapat na bang palitan bilang pambansang bayani si Rizal. Para sa mga kilusang militante, bahagi ng pag-aaral ang PSR, kung saan nakatatak na "*betrayer*" ang "repormistang" bayani. Sa "Batayang Kursong Pampartido" na kinukuha ng mga kandidatong kasapi ng Communist Party of the Philippines, hindi naman eksaktong natagpuan ang bansag na itong "*betrayer*," at nakalugar si Rizal na kasama sa Kilusang Propagandang nagpasimuno sa pagpukaw subalit nabigo at hindi natanto ang pagrerebolusyon. (Lumitaw gayunman ito sa mga kursong pag-aaral sa hanay ng mga unyon, sa kilusang paggawa. Nanggagalaiti ang lenggwahe sa pagtukoy kay Rizal at ang kinatawan niyang asal at kilos bilang reaksyonaryo, taksil, duwag, bahag ang buntot, at iba pa.) Sa materyalismong historikal kung saan sentral ang makauring panunuri,

naigilid na si Rizal at kung iuugnay sa kasalukuyang pangyayari, masugid na itong kakampi ng kaaway. Para sa mga aktibista at kadre, mangyari pa, hindi na sina Bonifacio na lang ang nasa mga *t-shirt* at *pins*, sapagkat naisisilk-iskrin naman sina Marx at Lenin at naiwawasiwas ang *red book* ni Mao Tse Tung. At sa tindi ng pakikibaka, hindi rin magkukulang ang pambansang demokratikong kilusan sa pag-aalay ng kanilang mga sariling martir at bayani.

**Posisyonan**

Nitong nakaraang dalawang dekada, gaya ng marami sa lipunang Pilipino, nanunuot pa rin ang tradisyon kasama ang pamamayani ni Rizal bilang bayani bagamat nahamon na ito ng tunguhin ng pagtawad pangunahin mula sa Kaliwa at patuloy ang pagahahanap ng kaangkupan sa harap ng malakihang pagbabagong panlipunan.

Para kay Zeus A. Salazar (1989, 1999), propesor ng kasaysayan sa Unibersidad ng Pilipinas, iskolar at aktibistang nadetine sa panahon ng batas militar at tagapagpaunlad ng makabansang pagtingin sa kasaysayan at lipunan sa kanyang Pantayong Pananaw simula mga 1970, "*heroe* si Rizal at hindi bayani." Isang masaklaw na iskema ang alay ng Pantayong Pananaw para sa Araling Pilipino, kasama rito ang masusing pagtalakay sa hatiang nangyari sa kasaysayang Pilipino dulot ng pananakop, kung saan naging akulturado sa kolonyalismo ang mga nasa piling uri samantalang nanatiling ugnay sa bayan ang karamihan. Kabilang si Rizal sa "akulturadong elit," mga ilustradong naging kakampi ng namamayaning kapangyarihan subalit nakipaglaban rin para sa *nacion*. Gayunman, hindi nila nakuhang makilahok sa proyekto ng bayan (i.e., ang kilusang bayan kasama ang Himagsikan), bagamat inagaw nila ito sa kurso ng panahon. Isang pananaw kay Rizal ito na pagpapalawak ng talakay nina Constantino, Fisher, Sison at iba pa sa diin nito sa pagkahiwalay/pagtatakwil sa kilos / inisyatib / pag-aalsang pambayan/pangmasa. Kalabisan nang sabihing kung sino talaga ang bayani sa kasong ito.

Isa pa, o relatibong mas masidhing kritik si Domingo de Guzman (1997) na pinakadidiin-diin na ang Himagsikan ng 1896 at ang pagkakalunsad nito ni Bonifacio ang kumakatawan sa pinakamataas na makakamit ng kabansaan. Dahil na nga tinutulan ito ni Rizal, inagaw

nina Aguinaldo at mga ilustrado, walang lubay ang batikos niya sa mga ito. Masasabi ring nakareserba ang maaanghang niyang tirada sa mga manunulat na tagapagtanggol ng mga ito, *past* at *present*. Aral sa pilosopiya at matalas sa pagpuna, nakawasiwas nang husto ang kanyang sandata sa sinumang hindi kapanig ng kanyang pinanghahawakang ideya na si Bonifacio at ang Katipunan ang rurok o natatanging "*sublime idea and action*." Hindi nakaligtas sa iwi ni de Guzman, kung gayon sina Lopez Jaena, del Pilar, Rizal, gayundin ang mga "pigurang" Nick Joaquin, Teodoro Agoncillo, at iba pa, sapagkat tinawaran o natawaran ng mga ito sa iba't ibang paraan ang gayung pananaw ni de Guzman. Bahagi ng kanyang lengguwahe ang ganito:

> Ang sabi ko'y lahat sila—silang tinagurian ang kanilang sarili bilang mga ilustrado, nagniningning, nagliliwanag, na mga propagandista—para saan? Kasama, mangyari pa, at nangunguna si Rizal. Ang sabi ko'y obhektibo silang sinungaling na lahat. (de Guzman 1998)

Sinikap naman ni Horacio "Boy" R. Morales Jr. (1996), teknokrat ng pamahalaan na naging pinuno ng National Democratic Front na nadakip pagkatapos at naging pangulo ng Philippine Rural Reconstruction Movement at opisyal ng administrasyong Estrada, na liwanagin ang paksang "*Rizal as a Non-violent Revolutionary*." Batay sa mga isinulat at ikinilos ni Rizal, hindi nga siya marahas at reboluyonaryo, natukoy na nga nina Constantino at ng kilusang Kaliwa. Subalit, dulot ng mga hamon para sa Pilipinas sa dekada nobenta, sinikap kumawala ni Morales sa tinawag niyang "*bias of interpretation*" na "*armed struggle is the litmus test of being revolutionary*," polemiks ng daykotomi ng reporma/rebolusyon ng mga panlipunang kritiko at mga kadre ng Kaliwa sa kasaysayang Pilipino. Sinabi niyang hindi absolut ang armadong pakikibaka bilang paraan, gaya rin naman na hindi absolut ang pakikibakang legal. Hindi mamamaliit ang mga ginawa ni Rizal, sapagkat maituturing ring rebolusyonaryo ito. Dahilan ni Morales:

> *Reform and revolution feed on each other and form part of a continuum of empowerment of people and communities. They are not necessarily contradictory… The lobby for reforms led by Rizal helped prepare the ground for the 1896 revolution. La Liga Filipina*

*was no less revolutionary than the Katipunan. The two formations represented necessary phase of the same revolutionary process. (ibid.)*

Inilugar ni Morales na rebolusyonaryo samakatwid si Rizal hinggil sa proyektong pagpapaunlad ng pamayanan. Kasama niya sa pagkatantong ito si Floro Quibuyen (2000) na sa pagtawad kina Constantino ay itinanghal na solo at matagumpay na NGO (*nongovernmental organization*) kumbaga ang mga aktiviti ni Rizal sa Dapitan, so ano pang rebolusyonaryong kaganapan ang mahihingi?

Sa baliktanaw pa ng kritikong Epifanio San Juan (1997), hindi basta dapat isuko si Rizal sa konserbatibong gahum na kakikitaan ng mga "gasgas na halimbawa at de-kahong pagtataguyod ng kombensyonal na sukat ng kahalagahan ayon sa pamantayan ng dominanteng uri ng lipunan" (laro ng Bagong Lipunan halimbawa). Sa mga mulingbasang pampanitikan, matutuklasang tunay namang hitik at maraming pagkatanto sa kasaysayan, kaisipang mapagpalaya at himagsikan ang diskurso ni Rizal. Dapat siyang bawiin sapagkat:

> …(h)umahantong ngayon ang pangkasaysayang pamantayan ni Rizal sa mapagbuong sintesis ng kritika, praxis at obhetibong analisis… si Rizal ay rebolusyonaryong bihasa sa birtud ng isang realismong mapag-ugnay, isang siyentipiko't mapanaklaw na pangitain, na kawangki ng materyalismong pangkasaysayang nalinang nina Marx, Lenin at napagyaman din naman sa ating katutubong tradisyon ng populismong radikal mula kina Bonifacio at Sakay hanggang sa mga kampon nina Isabelo de los Reyes, Pedro Abad Santos, Amado V. Hernandez, Felixberto Olalia at iba pa. (ibid.)

Sa mga ganitong kuro-kuro, bato ng kolumnistang Conrad de Quiroz (1996), bakit kailangang isa lang ang pambansang bayani? "*Why not both of them?*" mungkahi niya tungkol kina Rizal at Bonifacio sa buwan ng sentinyal ng pagkabaril sa Luneta. Hindi na dapat pinag-aaway ("pinagsasabong") ang dalawa, nangyari lalo na nitong dekada sisenta hanggang nobenta. Kapwa sila nagpakita ng tunay na kahenyohan ng lahi, susog pa ng kolumnista.

Mangyari pa, hindi na eksaktong bago ang ideyang ito ng pagpapantay sa dalawang bayani subalit sinuklian ng panlilisik ng nagpupuyos pang si de Guzman (1997):

> *We are supposed to be celebrating since 1996 the centenary of this Revolution and the truth—supposed, because all we have been doing meanwhile is deny it, dishonor and maltreat it by repeating the same Rizalian LIES and Aguinaldian treacheries against which the Revolution had had to happen; by continuing to be softminded and opportunistically tolerant about the confirmed, indubitable counter-revolutionary stand of Rizal and the counter-revolutionary treacheries of Aguinaldo; by writing about it the way Ambeth Ocampo does. For instance, carefully trying to please everybody by carefully allotting 1996 to Rizal, 1997 to Bonifacio and 1998 to Aguinaldo, and by carefully beautifying, benigning, and sweetening everything; or like Conrad de Quiroz who exultingly declares that Rizal and Bonifacio were equal heroes…*

Sa mga ito, iginigiit ng iskolar at gurong Albina P. Fernandez (1997) na wala nang kasing-angkop si Rizal matapos ang sandaang taon. Sa pagbuno pa sa walang-kamatayang isyu kung repormista o rebolusyonaryo ang bayani, tudlang-tudla ang tanyag na pahayag niyang "walang mang-aalipin kung walang paaalipin" bilang kondisyon ng paglaya at napatunayang wasto ito sa takbo ng pag-aalsang Pilipino. Kumilos siya bilang malayang indibidwal (*positive freedom*) sa kabila ng pagkakait nito ng estado (na hinihingan niya ng *negative freedom*) at samakatwid rebolusyonaryo siya sa sariling halimbawa, sa isip at sa diwa.

**Lagom**

Sa mahigit kalahating dantaon, nakita ang proseso ng institusyonalisasyon kay Rizal bilang pambansang bayani sa lipunang Pilipino, kung saan itinanghal bilang pedestal ang mga katangian niyang panuhay sa kabansaan. Nakuwestyon-kuwestyon ito pagsapit ng dekada singkwenta sa mga kolum ni I.P. Soliongco, na nag-usisa kung bakit nangingibabaw si Rizal kay Bonifacio, tila nag-iisang tinig. Sa paglakas ng kilusang Kaliwa, partikular sa pagkatatag ng Kabataang Makabayan, naitanghal muna si Rizal bilang makinang na halimbawa

ng panggitnang uri sa pagpopropaganda laban sa kolonyalista subalit sa pagtindi ng panawagan para sa armadong pakikibaka, nabigyang-diin ang "kakulangan (limitasyon)" bunga ng hindi pagsapi o pagtatakwil pa nga at nawasi-wasiwas na hindi na angkop na bayani si Rizal at kailangan nang lagpasan at palitan. Masimpatiya ang paningin ng mga intelektwal para sa isang katulad nila, mula sa pagkaunawa sa matapat na prosesong dinaanan niya sa buhay-at-kamatayang pagpili kung paano makikilahok sa radikal na kilusan hanggang sa pagtanggap na ganun na ngang dalawahan / nahahatak-hatak ang burgis / petiburgesyang uring ito. Sa nakaraang dalawang dekada, sa harap ng mga pagbabago sa mga puwersang panlipunan at sa mga opsyon ng pagbabago, nananatili ang mga napagtantong panunuri na walang pagmamaliw ng damdamin, ("pacifist" nga si Rizal, paninindigan pa ng mga aktibista ng kasalukuyan – www.revleft.com) subalit may pagtatanggi sa mga absolut na nagbibigay daan sa mga uri ng kasunduan o pakikibagayan. Patunay pa ito sa kasalimuotan ng kaangkupan ng tinutukoy na bayani sa pagtahak at paninindigan ng pamayanan sa kabansaan at kabuuang pag-unlad.

# Sanggunian

Araneta, Gemma Cruz. 1972. Irreverent thoughts at the Rizal reunion. *Graphic*, 5 July: 18-19.

Constantino, Renato. 1970. *Dissent and counter consciousness*. QC: Malaya Books.

De Guzman, Domingo. 1997. The Noli, Fili and the revolution (Our Hidden Mind column), 15 parts. *The Philippine Journal.* 22 May to 24 June.

—. 1998. Historya: Wanted, bagong teksbuk sa kasaysayan. *Kabayan*, 16 Okt.: B8.

—. 1998. Sina Plaridel at Lopez-Jaena, bakit naman dinadakila pa? *Kabayan*, 6 Nob.6: B8.

De Ocampo, Esteban. 1996. *Why is Rizal the greatest Filipino hero?* Manila : National Historical Institute

Fernandez, Albina Pecson. 1997. Reformist or revolutionary: Rizal a century since. *Philippine Graphic*. 30 Dec.: 20-21 and 6 January: 18-19.

Fischer, Georges. 1974-1975. Si Rizal at ang makabagong pagkamakabansa. *Dyornal ng Malawakang Edukasyon* 27-28.

Guerrero, Amado. 1970. *Philippine Society and Revolution*.

Lansang, Teodoro A. 1971. Rizal's views on society and Philippine history. *Asia-Philippines Leader*, 18 June: 10, 54.

Morales, Horacio R. Jr. 1996. Rizal as a non-violent revolutionary. Paper presented at the Conference on Rizal and Freedom: Exploring the Multi-faceted Genius of Rizal, Dapitan,

Zamboanga del Norte, 22-23 July.

Quibuyen, Floro. 2000. *Rizal, American hegemony and Philippine nationalism: A nation aborted*. QC: ADMU Press.

Rosca, Ninotchka. 1971. The strange case of Dr. Jose Rizal. *Asia-Philippines Leader*, 18 June: 11, 52.

Salazar, Zeus A. 1989. Si Rizal at si Balagtas bilang modelo ng pagbubuo ng kabihasnang Pilipino sa harap ng pagbabago. Papel para sa Linggo ng Wika, UP Los Baños.

—. 1999. *Wika ng himagsikan, lengguwahe ng rebolusyon: Mga suliranin sa pagpapakahulugan sa pagbubuo ng bansa*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.

San Juan, Epifanio. 1997. Kasaysayan, kaisipang mapagpalaya, himagsikan sa diskurso ni Jose Rizal. *Mantala: A Quarterly Journal of Philippine Literature* 1(1).

Santos, Soliman M. Jr. 1987. Rizal in the writings of Jose Ma. Sison. *Nueva Caceres Review*, Feb.: 13-14.

Sison, Jose Ma. 1967. *Struggle for national democracy*. QC: Progressive Publications.

—. 1972. *Struggle for national democracy*. Manila: College Editors Guild of the Philippines and Amado V. Hernandez Memorial Foundation.

—. 2001. *Makibaka para sa pambansang demokrasya*. Manila: Amado V. Hernandez Resource Center at College Editors' Guild of the Philippines.

Soliongco, I.P. 1981. *Soliongco Today: A Contemporary from the Past*, ed. Renato Constantino. QC: Foundation for Nationalist Studies.

Torrevillas-Suarez, Domini. 1972. The downgrading of Rizal. *Philippine Panorama* V, 13 August: 4-5. Online article, www.revleft/com/vb/dr-jose-p-t41013/index.html, inakses 7 Enero 2010.